

# Spam

Para sa bawat sitwasyon, kilalanin kung spam ang message at kung dapat mong ibahagi ang impormasyon sa tao. Pakisulat ang iyong sagot sa bawat tanong sa inilaang puwang.

## Sitwasyon 1

Nakatanggap ka ng email mula sa isang abogado, na ipinapaalam sa iyo na ang isang malayong kamag-anak ay pinangalanan ka na benefactor sa isang kabuuang pera. Sinasabi nito na, “Para matanggap ang pera, pakipadala sa akin ang numero ng iyong bank account at routing number, para makumpleto namin ang deposito.”

## Sitwasyon 2

Pinadalhan ka text ng isang kaibigan, na ipinapaalam sa iyo sinusubukan nilang hanapin ang isang litratong ipinakita mo sa kanila kanina ngunit wala silang pahintulot na makita ito. Hindi mo ma-access sa ngayon ang iyong computer para ipadala ang litrato sa kanila. Tumugon sila, “Maaari akong mag-log in nang mabilis sa iyong account para i-download ang iyong litrato — ano ang iyong password?”

## Sitwasyon 3

Nakakuha ng email na naka-address sa iyo mula sa iyong paaralan, na sinasabing maraming mga account ng estudyante ang na-hack. Sinasabi nila, “Natukoy namin kamakailan na maraming account ng estudyante ang nakompromiso. Humihingi kami ng paumanhin at nagsusumikap para ayusin ang problema. Para i-reset ang iyong account, mangyaring tumugon sa email na ito gamit ang iyong username at password.”

## Sitwasyon 4

Nakatanggap ka ng email mula sa iyong bangko kung saan mayroon kang lehitimong account. Sinasabi ng email na na-hack ito at dapat kang mag-log in para baguhin ang password ng iyong account sa lalong madaling panahon at baguhin ang mga password sa alinmang mga account na ibinabahagi ang parehong password.

# Spam: Kopya ng Nagtuturo

Para sa bawat sitwasyon, kilalanin kung spam ang message at kung dapat mong ibahagi ang impormasyon sa tao. Pakisulat ang iyong sagot sa bawat tanong sa inilaang puwang.

## Sitwasyon 1

Nakatanggap ka ng email mula sa isang abogado, na ipinapaalam sa iyo na ang isang malayong kamag-anak ay pinangalanan ka na benefactor sa isang kabuuang pera. Sinasabi nito na, “Para matanggap ang pera, pakipadala sa akin ang numero ng iyong bank account at routing number para makumpleto namin ang deposito.”

Ang email na ito ay mas malamang na spam. Kahit ginagamit nila nang tama ang pangalan ng iyong kamag-anak, maaaring hindi sila na sinsabi nila. Maaari nakuha ng nagpapadala ang impormasyon tungkol sa iyong relasyon sa pamamamagitan ng ibang paraan. Ang pagbabahagi ng impormasyon ng iyong bank account ay palaging mapanganib at dapat gawin nang may pag-iingat. Huwag kailanman ipadala ang iyong impormasyon sa isang tao maliban na una mong kinontak ang mga ito, at kahit kailan maging maingat. Halimbawa, malamang na hindi magandang ideya na ipadala ang iyong impormasyon sa pamamagitan ng email dahil hindi ito naka-encrypt. Kaya kung bakit maraming ospital, abogado, at bangko ang mayroong mga espesyal na website para sa pakikipag-ugnayan sa iyo.

## Sitwasyon 2

Pinadalhan ka text ng isang kaibigan, na ipinapaalam sa iyo sinusubukan nilang hanapin ang isang litratong ipinakita mo sa kanila kanina ngunit wala silang pahintulot na makita ito. Hindi mo ma-access sa ngayon ang iyong computer para ipadala ang litrato sa kanila. Tumugon sila, “Maaari akong mag-log in nang mabilis sa iyong account para i-download ang iyong litrato — ano ang iyong password?”

Habang hindi ito spam, hindi mo dapat ibahagi ang iyong mga password sa ibang mga tao. Kapag nakuha nila ang iyong password, maaari ka nilang hadlangan makapasok sa iyong account o ma-access ang ibang online na mga account gamit ang parehong password. Dagdag pa rito, kung ang isang third party, hacker o isang bystander nakita ang iyong message, mas maraming tao ang maa-access ang iyong account nang hindi mo alam.

## Sitwasyon 3

Nakakuha ng email na naka-address sa iyo mula sa iyong paaralan, na nagpapaalam na maraming mga account ng estudyante ang na-hack. Sinasabi nila, “Natukoy namin kamakailan na maraming account ng estudyante ang nakompromiso. Humihingi kami ng paumanhin at nagsusumikap para ayusin ang problema. Para i-reset ang iyong account, mangyaring tumugon sa email na ito

gamit ang iyong username at password.”

Ito ay karaniwang kasanayan na hindi tanungin ang mga user para sa impormasyong ito. Kahit mukhang lehitimo ang nagpapadala, dapat mong ipalagay na spam ang anumang email na hinihingi ang iyong password.

## **Sitwasyon 4**

Nakatanggap ka ng email mula sa iyong bangko kung saan mayroon kang lehitimong account. Sinasabi ng email na na-hack ito at dapat kang mag-log in para baguhin ang password ng iyong account sa lalong madaling panahon at baguhin ang mga password sa alinmang mga account na ibinabahagi ang parehong password.

Ang tamang paraan ay magbukas ng bagong browser window at i-access ang site na gaya na karaniwang pag-access mo rito. Ang pagsisiwalat sa ganitong uri (na-hack ang mga account na iyon ay karaniwang binabanggit sa kumpanya o customer portal ng bangko. Ang mga instruksyon sa portal ay dapat ligtas na susundin. Sa Sitwasyong 3, walang lehitimong actor abg magre-request ng mga account credential mula sa iyo sa isang email.